Hindi maglalakbay ang babae ng isang distansiya ng dalawang araw [na paglalakbay] malibang habang kasama sa kanya ang asawa niya o ang isang maḥram

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) – na nakipaglaban kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa labindalawang labanan – na nagsabi: {Nakarinig ako ng apat mula sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagpahanga ang mga ito sa akin. Nagsabi siya: "Hindi maglalakbay ang babae ng isang distansiya ng dalawang araw [na paglalakbay] malibang habang kasama sa kanya ang asawa niya o ang isang maḥram. Walang pag-aayuno sa dalawang araw: sa Pagdiriwang ng Pagtigil-ayuno at sa Pagdiriwang ng Pag-aalay. Walang ṣalāh matapos ng ṣalāh sa madaling-araw hanggang sa sumikat ang araw at wala matapos ng ṣalāh sa hapon hanggang sa lumubog [ang araw]. Hindi isinasagawa ang mga natatanging paglalakbay kundi papunta sa tatlong masjid: Masjid ng Pinakababanal, Masjid ng Liblib, at Masjid kong ito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa apat na bagay: A. Ang pagpigil sa babae sa paglalakbay ng isang distansiya ng dalawang araw [na paglalakbay] nang wala ang asawa niya o ang isa sa mga maḥram niya. Ang maḥram ay ang sinumang ipinagbawal mapangasawa sa isang pagbabawal na isinamagpakailanman kabilang sa mga kamag-anak gaya ng anak, magulang, anak ng lalaking kapatid, anak ng babaing kapatid, tiyuhin sa ama, tiyuhin sa ina, at tulad nito. B. Ang pagsaway laban sa pag-aayuno sa araw ng Pagdiriwang ng Pagtigil-ayuno (Eidulfitr) at araw ng Pagdiriwang ng Pag-aalay (Eidul'adha), maging pinag-ayunuhan man ito ng Muslim dahil sa isang panata o isang pagkukusang-loob o isang panakip-sala. C. Ang pagsaway laban sa ṣalāh ng pagkukusang-loob matapos ng ṣalāh sa hapon hanggang sa lumubog ang araw at matapos ng ṣalāh sa madaling-araw hanggang sa sumikat ang araw. D. Ang pagsaway laban sa paglalakbay papunta sa isa sa mga pook at ng paniniwala sa kainaman nito at paniniwala sa pagpapaibayo ng mga magandang gawa rito na iba pa sa Tatlong Masjid na ito. Kaya hindi isinasagawa ang mga natatanging paglalakbay papunta sa iba pa sa tatlong ito para magsagawa ng ṣalāh doon sapagkat ang pabuya ay hindi pinag-iibayo kundi sa Tatlong Masjid na ito: Al-Masjid Al-Ḥarām (Ang Masjid na Pinakababanal), Al-Masjid An-Nabawīy (Ang Masjid na Pampropeta), at Al-Masjid Al-Aqṣā (Ang Masjid na Liblib).